SAGISAG NG SANGGUNIANG BAYAN
BUSTOS, BULACAN

# KAPASIYAHAN BLG. 2019-128

**"NAGBIBIGAY PAHINTULOT SA PUNONG BAYAN, IGG. FRANCIS ALBERT G. JUAN, NA KATAWANIN ANG PAMAHALAANG BAYAN NG BUSTOS AT LUMAGDA SA *MEMORANDUM OF AGREEMENT* (MOA) SA PAGITAN NG BUSTOS COMMUNITY HOSPITAL AT STO. NIÑO HOSPITAL NA NAUUKOL SA PAGBIBIGAY NG NEW BORN HEARING SCREENING TEST."**

---

*Pinagtibay sa mungkahi ni:*
**Igg. Jonalyn S. Ortega-Santos**

---

**SAPAGKA'T,** naghain ng kahilingan ang Punong Bayan, Igg. Francis Albert G. Juan, na mabigyang pahintulot na katawanin at lumagda sa isang Memorandum of Agreement (MOA) sa pagitan ng Bustos Community Hospital (BCH) at Sto. Niño Hospital;

**SAPAGKA'T,** ang kasunduang ito ay ukol sa pagbibigay ng pangunahing serbisyo sa kalusugan ng mga bagong panganak na bata para sila ay sumailalim sa New Born Hearing Screening Test;

**SAPAGKA'T,** ang kalusugan ang isa sa mga pangunahing prayoridad ng ating Pamahalaang Bayan ng Bustos;

**SAPAGKA'T,** ang Sto. Niño Hospital ang pinakamalapit na pribadong pagamutan sa ating bayan na may sapat na pasilidad at first level referral hospital ng Unified Local Health System;

**SAPAGKA'T,** sa ginanap na pagpupulong ay napagkasunduan na ang BCH ay isang infirmary pa lamang at hindi kayang tugunan ang mga ibang pangangailangan ng mga nagpupunta dito upang magpagamot, lalo na sa mga nanganganak at ng kanilang bagong silang na anak.

**KUNG KAYA'T,** sa mungkahi ni **IGG. JONALYN S. ORTEGA-SANTOS** na buong pagkakaisang sinang-ayunan ng lahat ng kasangguning dumalo sa pulong na ito.

**IPINASIYA, gaya ng dito ay IPINASISIYA**, na bigyan pahintulot ang Punong Bayan, Igg. Francis Albert G. Juan, na katawanin ang pamahalaang bayan ng Bustos at lumagda sa *memorandum of agreement* (MOA) sa pagitan ng Bustos Community Hospital at Sto. Niño Hospital na nauukol sa pagbibigay ng New Born Hearing Screening Test.

**PINAGTIBAY,** ngayong ika-15 ng Oktubre taong Dalawang Libo at Labing Siyam sa Bulwagang Amado S. Raymundo, Poblacion, Bustos, Bulacan.

**Juliet DJ. Dela Cruz**
Kasangguni

**Jonalyn S. Ortega-Santos**
Kasangguni

**Toni Flor H. De Guzman**
Kasangguni

**Rosette G. Pangilinan**
Kasangguni

**John Erick L. Perez**
Kasangguni

**Aljhaneal E. Quiñones**
Kasangguni

**Melvin H. Melencio**
Kasangguni

**Gemar Aldrich M. Cruz**
Kasangguni

**Martin SJ Angeles**
ABC President

**Angelica L. De Leon**
SK President

**Arnel F. Mendoza**
Pangalawang Punong Bayan at
Tagapangulo ng Sangguniang Bayan

---

Pinatutunayan ko ang Kawastuhan at Katotohanan na ang nakatitik sa itaas nito ay pinagtibay ng Sangguniang Bayan ngayong ika-15 ng Oktubre taong Dalawang Libo at Labing Siyam.

**ATTY. GERARDO S. BRIASA**
Kalihim